



Australian Government



Ang pagbubuntis, pagpapasuso, at mga bakuna laban sa COVID-19

Ika-13 ng Hulyo, 2022

Ang mga bakunang Comirnaty (Pfizer) at Spikevax (Moderna) ang inirerekumenda para sa mga buntis at nagpapasuso at mga nagbabalak na magbuntis. Kung hindi sila maaaring mabakunahan sa mga ito, maaari silang magpabakuna ng Nuvaxovid (Novavax) o Vaxzevria (AstraZeneca). Ang mga babae ay maaaring mabakunahan sa anumang yugto ng kanilang pagbubuntis.

Ang pagkapeligro na magkakaroon ng malala, masamang kinalalabasan mula sa sakit na COVID-19 ay mas mataas sa mga buntis at ang kanilang hindi pa isinilang na sanggol. Ang mga buntis na magkakasakit ng COVID-19 ay may mas mataas na pagkapeligro na ma-ospital o mangangailangan ng masinsinang pagkaka-alaga. Ang kanilang sanggol sa sinapupunan ay magkakaroon ng mas mataas ng kaunting posibilidad na isisilang nang maaga (ipapanganak bago ang ika-37 na linggo ng pagbubuntis) at ma-ospital para maalagaan.

Ang pagbabakuna ang pinakamabisang paraan upang mabawasan ang mga panganib na ito. Bilang bahagi ng kanilang pangunahing kurso ng bakuna laban sa COVID-19, mangangailangan ang mga babae ng 2 dosis ng mga bakunang Pfizer o Moderna, 8 linggo ang pagitan. Maaaring irekumenda ang isang mas maikling panahon sa pagitan ng mga dosis para sa mga babaeng medyo o matinding immunocompromised o may mataas na panganib ng malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19.

Ang mga babaeng matinding immunocompromised ay inirerekumendang tumanggap ng pangatlong pangunahing dosis ng bakuna laban sa COVID-19, 2 buwan paglipas ng kanilang pangalawang pangunahing dosis.

Ipinakita ng makatutuhanang ebidensya na ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay ligtas kung ikaw ay buntis o nagpapasuso. Walang kilalang mga alalahanin sa kaligtasan na nauugnay sa Novavax o AstraZeneca na partikular sa pagbubuntis, pagpapasuso o nagbabalak na mabuntis. Gayunpaman, ang mga bakunang ito ay hindi pinili dahil mayroong mas maliit na datos tungkol sa kanilang kaligtasan sa mga buntis o nagpapasuso.

Dapat bang mabakunahan ang mga buntis at nagpapasuso ng isang booster dose at pang-apat na dosis?

Ang proteksyon mula sa mga bakuna ay nababawasan sa paglipas ng panahon. Ang mga booster na dosis ay nagpapalakas ng proteksyon laban sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 ng mas matagal. Lahat ng mga buntis at nagpapasuso ay inirerekumenda na magkaroon ng isang dosis ng bakunang booster laban sa COVID-19 kung sila ay:

- 16 taong gulang o mas matanda at
- natanggap ang huling dosis ng kanilang pangunahing kurso ng pagbabakuna laban sa COVID-19 ng hindi bababa sa 3 buwan ang nakalipas.

Ilang taong edad 12 hanggang 15 taon ay maaaring nababagay para sa isang booster dose kung sila:

- ay matinding immunocompromised
- may kapansanan na may makabuluhan o kumplikadong pangangailangan sa kalusugan
- may kumplikado at/o maraming mga kalagayan sa kalusugan na nagdaragdag sa iyong panganiib na magkaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19.

Inirerekumenda na ang ilang mga buntis at nagpapasuso ay tumanggap ng pang-apat na dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Ang mga buntis at nagpapasuso na 16 taong gulang at mas matanda ay dapat na tumanggap ng pang-apat na dosis 3 buwan paglipas ng kanilang unang booster dose kung sila ay:

- matinding immunocompromised
- nagkaroon ng partikular na mga kanser
- may isang autoimmune na sakit na kinakailangang magamot
- may talamak o malubhang sakit na nakaapekto sa iyong mga baga, atay, mga bato, utak o puso
- may diyabetis na kailangang magamot
- may isang kapansanan na may malaki at maraming pangkalusugang pangangailangan
- sobrang mabigat o sobrang magaan.

Makipag-usap sa iyong doktor kung hindi ka sigurado kung dapat kang tumanggap ng isang booster dose o pang-apat na dosis.

Ano ang mga posibleng 'side effect' sa isang buntis pagkatapos siyang mabakunahan laban sa COVID-19?

Kabilang sa mga karaniwang side effect pagkatapos ng pagbabakuna laban sa COVID-19 ang:

- lagnat
- makirot na braso
- pananakit ng ulo
- makirot na kalamnan
- makirot na kasukasuan
- panlalamig.

Kung mayroon kang anumang side effect pagkatapos mabakunahan, maaari kang uminom ng paracetamol upang mabawasan ang mga ito. Ligtas ang uminom ng paracetamol sa lahat ng yugto ng pagbubuntis.

Ang mga pag-aaral sa buong mundo ay walang natagpuang mga side effect na natatangi sa mga buntis o sa kanilang mga sanggol. Ngunit, posible na maaaring may mga hindi karaniwang na mga side effect na hindi pa nalaman ng mga mananaliksik.

Mayroon bang mga pakinabang sa aking sanggol mula sa aking pagbabakuna laban sa COVID-19 habang nagdadalantao?

Ang mga buntis na magkakasakit ng COVID-19 ay may mas mataas na pagkapeligro na maaaring magsilang ng patay (stillbirth) o maagang manganganak. Ang kanilang mga sanggol ay mas posibleng magpapakita ng pagkabalisa habang ipinapanganak, o mangangailangan ng pagkaka-alaga sa intensive care ng mga bagong-silang sa ospital.

Ang pagbabakuna ang pinakamagandang paraan upang mabawasan ang mga pagkapeligrong ito.

Iminumungkahi ng siyentipikong katibayan na ang mga antibody na nilikha ng mga buntis pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19 ay maaaring pumunta sa plasenta at ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ay maaaring magbigay ng proteksyon sa mga sanggol na mas bata sa 6 buwang gulang mula sa pagpapaospital na sanhi ng COVID-19.

Ano ang mga inirerekomenda para sa mga nagpapasuso?

Ang Pfizer at Moderna ang inirerekomenda para sa mga nagpapasuso. Kung hindi ka maaaring magpabakuna nito, maaari kang magpabakuna ng Novavax o AstraZeneca at dapat mong kausapin ang iyong doktor tungkol dito.

Maaari mong ipagpatuloy ang pagpapasuso bago at pagkatapos ng iyong pagbabakuna.

Ano ang mga inirerekomenda para sa mga nagbabalak na magbuntis?

Ang Pfizer at Moderna ay inirerekomenda rin para sa mga nagbabalak na magbuntis. Ang pagbabakuna bago ang paglihi ay nangangahulugan na magkakaroon ka ng proteksyon laban sa COVID-19 habang ikaw ay buntis. Tandaan na:

- Hindi mo kailangang iwasan ang pagbubuntis bago o pagkatapos ng pagbabakuna laban sa COVID-19.
- Ang pagkakabakuna ay walang epekto sa kakayahang magkakaanak.
- Hindi mo kailangan na magpasuri kung buntis ka bago mabakunahan.

Para sa karagdagang impormasyon

Upang malaman kung saan ka maaaring mabakunahan laban sa COVID-19, bisitahin ang www.health.gov.au.



Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, kausapin ang iyong doktor, pumunta sa health.gov.au/covid19-vaccines-languages, o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080. Piliin ang opsyon 8 para sa mga libheng serbisyo ng pag-iinterpretar.